Kinakailangang makipag-usap ang mga magulang sa guro ng kanilang anak paminsan-minsan tungkol sa gawain sa paaralan, o sa pakikisalamuha ng kanilang anak sa ibang bata o sa pangangailangang espesyal nito. Sanay na ang karamihan sa mga guro na makatanggap ng ganitong uri ng mga tawag mula sa mga magulang at nais nilang matulungan ang iyong anak na magtagumpay sa paaralan.

### *Magulang bilang katuwang sa edukasyon*

Sa Ontario, hinihimok ang mga magulang na maging masusing katuwang sa edukasyon ng kanilang anak. Sa katunayan, may sangay sa Ministri ng Edukasyon na itinalagang tumulong sa mga magulang na maging kalahok sa edukasyon ng kanilang mga anak at sa kumunidad ng paaralan.

Subalit, paminsan-minsan, ang sistema ay nakalilito at nakatatakot. Sino ang kailangan mong kausapin kung mayroon kang tanong o problema?

Kung nais mong makausap ang guro sa telepono, tumawag sa opisina ng paaralan, mag-iwan ng mensahe at tatawagan ka ng guro.

Kung nais mong makita ang guro, tumawag sa opisina at mag-iwan ng mensahe na gusto mong makipagkita sa guro.Kung sa palagay mo ay lubhang kailangan ng iyong anak ang ekstrang suporta, o espesyal na programa, maaari kang makipagmiting sa guro at sa ibang tauhan ng paaralan. Nagbibigay ang ibang paaralanng aking anak na…"

- Magtanong upang matulungan kang maunawaan ang mga patakaran at palakad sa paaralan.
- Makinig sa mga punto at suhestiyon ng guro.
- Pag-usapan ang dapat gawin upang pareho ang makuhang mensahe ng bata mula sa iyo at sa guro.

### *Kausapin ang Punong-guro at ang Pangalawang Punong guro.*

Kausapin ang punong-guro at ang pangalawang punong-guro kapag hindi nakatulong ang guro. Maari silang direktang makatulong o magsangkot ng ibang guro o tauhan sa inyong paaralan.

### *Kausapin ang Superintendente ng paaralan*

Kapag hindi pa rin malutas ang problema, kontakin at hingin ang tulong ng superintendente. Maibibigay sa iyo ng sekretarya ng paaralan o ng punong-guro kung paano makokontak ang superintendente o maaari kang pumunta sa *website* ng Pamunuan ng Paaralan o *school board* para sa ibang impormasyon.

### *Laging Tandaan*:

- Laging alamin ang balita. Alamin ang mga patakaran ng paaralan.
- Dumalo sa lahat ng panayam sa pagitan ng magulang-guro. Mas madaling lutasin ang problema kapag ikaw at ang guro ay magkakilala na.
- Dumalo sa miting ukol sa iyong anak kapag inimbita ka ng paaralan. (gaya ng edukasyon espesyal, IEP, disiplina sa paaralan)
- Kapag ang problema ay hindi madaling malutas, itago ang mga sinulat tungkol sa importanteng miting at mga pinag-usapan.
- Humiling ng mga interprete kung hindi ka komportableng ihayag ang sarili sa Ingles.
- Ang mga isyu o ikinababahala tungkol sa iyong anak ay nakabibigo. Subukang maging panatag. Mas makikinig ang mga tao sa iyong ikinababahala kapag kalmado mong inihayag ang mga ito**.**

### *Para sa mga karagdagang impormasyon:*

Tumawag sa People for Education sa 416-534-0100 o kumuha ng mga kopya nitong mga "tips" sa ibang wika sa: www.peopleforeducation.com

Bumisita sa website ng Ministri ng Edukasyon sa: www.edu.gov.on.ca.

Bumisita sa www.settlement.org/edguide para sa mga *videos* at impormasyon sa maraming wika.

This tip sheet was developed by the Ontario